



Sa karagdagang katanungan at kaalaman
tumawag sa mga sumusunod:

873 18 87
873 05 57

Las Piñas General Hospital
and Satellite Trauma Center

Mga Karapatan Ng Pasyente



MGA KARAPATAN NG PASYENTE

May karapatan ang pasyente:

1. Na malaman ang kanyang karamdaman kung nanaisin niya, kahit pa nais itong itago ng kanyang mga kamag-anak.
2. Na malaman kung ano ang mga posibleng komplikasyon at kung ano ang mga alternatibong paraan na maaaring pagpilian.
3. Na mamili ng paraan ng gamutan na gagawin matapos maipaliwanag sa kanya ang mga benepisyo at peligro ng mga ito.
4. Na mabigyan ng pantay at sapat na pangangalaga.
5. Na maisapribado ang usapin at pangangalaga sa kanyang karamdaman.
6. Na makilahok sa mga angkop na programang pang edukasyon para sa mga pasyente.
7. Na mamili ng kanyang doktor at pagamutan o ospital.
8. Na malaman ang mga detalye ng babayara (billing) sa ospital.
9. Na tumanggap ng bisita ar aw-araw sa tamang oras depende sa kanyang kondisyon at kung saang room siya naka-admit.
10. Na magtalaga ng kanyang kasama na nasa wastong edad na tatanggap ng mga impormasyon at magbibigay ng pahintulot kung hindi niya kayang magdesisyon dahil sa kanyang kalagayan.

MGA TUNGKULIN O INAASAHAN SA MGA PASYENTE AT KANILANG MGA KAMAG-ANAK O BANTAY

Ang lahat na pasyente ay may tungkulin at inaasahan:

1. Na magbigay ng tama at kumpletong impormasyon tungkol sa kanyang sarili tulad ng kanyang pangalan, kapanganakan, tirahan, relihiyon, at iba pang mahalagang impormasyon tulad ng insurance kung meron.
2. Na magbigay ng tamang impormasyon tungkol sa kanyang kumpletong medical history tulad ng mga sumusunod:
 - a. Kasalukyan at mga nakaraang mga naging karamdaman
 - b. Mga gamot at bitaminang iniinom (kasama ang mga herbal o food supplement.
 - c. Mga nakaraang operasyon/hospitalisasyon
3. Sumunod sa mga patakaran ng ospital tulad ng:
 - a. Bawal manigarilyo, uminom ng alak o magsugal sa loob ng nasasakupan ng ospital
 - b. Oras ng dalaw
 - c. Bawal magdala ng gatas na nasa lata, tsupon, bote at pacifier
 - d. Bawal magdala ng pagkain sa loob ng ward
 - e. Magtapon ng basura sa tamang lalagyan
 - f. Bawal maglaba sa loob ng ospital
 - g. Bawal maligo sa loob ng ospital ang hindi pasyente.
4. Magbigay ng kaukulang paggalang at pakikisama sa mga empleyado ng ospital mga bisita at kapwa pasyente.
5. Magbayad ng kaukulang obligasyon sa ospital.